Pangalan: ______________________________

Basahin ang Alamat. Sagutan ang mga susunod na katanungan.

## Ang Alamat ng Mangga

Kaisa-isang anak nina Aling Maria at Mang Juan si Ben. Mabait at matulungin si Ben. Nagmana siya sa kanyang mga magulang na mababait din naman. Isang araw, isang matandang pulubi ang kinaawaan ni Ben. Inuwi niya ang pulubi sa bahay, ipinagluto at pinakain. Isang araw naman, samantalang nangangahoy, isang matandang gutom na gutom ang nasalubong niya. Pinakain din niya ito at binigyan ng damit.

Makaraan ang ilang panahon, nagkasakit si Ben. Sa kabila ng pagsisikap ng mag-asawa na pagalingin ang anak, lumubha ito at namatay pagkatapos. Ganoon na lamang ang iyak ng mag-asawa. Kinabukasan, habang nakaburol ang kanilang anak, dumating ang isang diwata. Hiningi nito ang puso ni Ben, Ibinaon ng diwata ang puso sa isang bundok.

Ito ay naging punongkahoy na may bungang hugis-puso. Marami ang nakikinabang ngayon sa bungang ito.

LIVEWORKSHEETS

PILIIN ANG TAMANG SAGOT AT ISULAT SA KAHON.

1. Sino ang kaisa-sang anak nina Aling Maria At Mang Juan?

a. Liza

b. Beth

c. Ben

2. Paano inilarawan si Ben sa kuwento?

a. masipag

b. mabait at matulungin

c. masungit at matapang

3. Ano ang ginawa ni Ben para sa matandang gutom na gutom na kaniyang nasalubong?

a. pinakain at binigyan ng damit

b. pinaliguan at pinatulog

c. sinipa at sinigawan

LIVEWORKSHEETS

4. Ano ang nangyari kay Ben?

a. yumaman

b. nakapagtapos sa pag-aaral

c. nagkasakit at namatay

5. Ano ang hiningi ng diwata?

a. puso ni Ben

b. mata ni Ben

c. kamay ni Ben

6. Ano ang tumubo sa pinaglibingan ng puso ni Ben?

a. punong-kahoy na matinik

b. punong-kahoy na walang bunga

c. punong-kahoy na may bungang hugis-puso

LIVEWORKSHEETS